Emy Ruth D. Gianan
Polytechnic University of the Philippines

# #SulitDeals, Pero Lugi si Rider? Ilang Pagtatasa Ukol sa Lumalaking Gig Economy sa Pilipinas

**Abstrak**

Ginhawa at bilis ang dulot ng mga makabagong teknolohiya tulad ng Grab, FoodPanda, Angkas, at Lazada. Iilan lamang yan sa mga halimbawa ng tinatawag natin ngayong digital platforms o app. Ngunit sa mas masusing pag-aanalisa, tila mas matimbang na ngayon ang pinsalang dulot nito kaysa mga benepisyo sa lipunan. Isa sa pinakamalaking pinsala nito ay sa anyo at pagpapahalaga natin sa paggawa. Ang mga delivery rider na siyang bumubuo ng kabuuang istruktura ng mga nasabing platforms ay madalas na dehado sa sweldo, suporta, at benepisyo. Nais nating tasahin ang batis ng mga pag-aaral ukol sa platform economy o gig economy, lagumin ang mga isyung kalakip dito partikular sa karanasan ng mga delivery rider. Pagkatapos ay magbabalangkas ng ilang panukala upang maisapabuti ang kapakanan ng mga delivery rider sa pamamagitan ng pagsusuri sa Labor Advisory No. 14-21 na inilabas ng Kagawaran ng Paggawa at Empleo (DOLE). Sa kabuuan ng sanaysay, nakasalig ang mga panukala sa manifestong binuo nina Isabella Ferreras na *Democratizing Work* – hindi dapat kaiba ang turing sa gig workers kumpara sa tradisyunal na pagtingin natin sa mga manggagawa, kung kaya't mas mainam na ang mga polisiya ukol sa pagsasaayos ng gig economy ay nakatuon sa mas malawak at makatarungang pagpapaunlad ng mga karapatan ng manggagawang Pilipino.

**Mga susing salita:** *gig work, gig economy, Pilipinas, paggawa*

***Abstract***

*Existing digital delivery platforms such as Grab, FoodPanda, Angkas, and Lazada brought comfort and ensured speedy services to its users. While they offered innovative service solutions, a more incisive analysis shows that these platforms create more harm than good. Work structures and its overall value are diminishing, and delivery riders are not getting decent pay, proper support, and actual benefits even if they are the main service providers in these platforms. This paper intends to examine various studies on platform or gig economies, and collate and analyze the issues that directly affect delivery riders. These findings will serve as foundations to develop policy recommendations designed to significantly improve the conditions of delivery riders, alongside a critical review of Department of Labor and Employment (DOLE) Labor Advisory No. 14-21. To this end, the study is hinged on the pandemic manifesto "Democratizing Work" by Isabella Ferreras — gig workers should not be seen differently from traditional conceptions of work. As such, policies intent on improving the gig economy should be geared towards social justice and securing the rights of Filipino workers.*

***Keywords:*** *gig work, gig economy, Philippines, work*

**Panimula**

Tagumpay na maituturing ang dalawang magkasunod na desisyong pabor sa mga delivery riders sa panimula ng taong 2023. Pinanigan ng ikawalong dibisyon ng National Labor Relations Commission (NLRC) ang ilang delivery riders sa kanilang reklamo laban sa food delivery platform na FoodPanda (Ordonez, 2023). Gayundin ang desisyon ng Korte Suprema na nakapanig naman sa limang (5) delivery rider laban sa Lazada na isang online shopping platform (Abad, 2023) (CNN Philippines Staff, 2023). Ang hatol ng dalawang institusyon ay ibalik ng mga employer ang mga natanggal na rider, ibigay ang kanilang kabuuang sahod mula nang sila ay maalis sa trabaho, at tugunan ang bayad-pinsalang kaakibat ng mga kaso.

Bukod dito, umiigting din ang panawagang isaayos ang kapakanan ng mga delivery rider (Bacelonia, 2022). Kasama sa panawagang ito ang kalayaang mag-organisa ng mga unyon, mabigyan ng pagkakataong makipag-usap sa mga mambabatas tungkol sa pagkakaroon nila ng mga proteksiyong nakabatay sa batas. (Royandoyan, 2023). Malawak din ang suporta ukol dito mula sa iba't ibang hanay ng lipunan, lalo na't nakita ang naging mapaminsalang epekto ng pandemya sa kabuhayan at seguridad sa trabaho ng maraming mamamayang Pilipino (Philstar, 2022).

Ang paghahanap ng lugar para sa mga delivery rider sa mundo ng paggawa ay bunga ng mga daluyong ng teknolohiya at digital transformation. Binago at patuloy nitong babaguhin ang anyo ng paggawa, at ang mga relasyon o prosesong nakasalig dito. Mainam ngayong suriin ang usapin ukol sa karapatan at kapakanan ng mga delivery rider dahil kadikit ito ng mga matagal ng suliranin tulad ng kontraktwalisasyon at kawalan ng totoong pagpapahalaga sa mga manggagawang Pilipino. Kung hindi aktibong bibigyan ng pansin at sosolusyunan ang usapin ukol sa kalagayan ng mga delivery rider, at mga gig worker sa kabuuan, ay mas palalalimin nito ang mga nakakabit pang isyu natin sa kasalukuyan—kakulangan sa maayos na trabaho, mababang pasahod at benepisyo sa mga manggagawa, at kawalan ng suporta para sa mga maaaring maapektuhan ng mga pagbabagong ito.

Upang epektibong matasa ang mga isyu, sisimulan ang diskusyon sa konsepto ng gig, gig worker, at gig economy kung saan napapabilang ang mga delivery rider. Isa itong low-skilled na uri ng trabaho. Ang karanasan ng mga gig worker sa buong mundo ay maaaring kapareho at naiiba sa nararanasan ng mga Pilipinong gig worker. Isa sila sa mga may pinakamalalakas sa pag-oorganisa nitong mga nagdaang buwan, pinaka-

apektado rin ng mga isyung hinaharap ng isang gig worker, kaya naman mainam silang maging sentro ng usapin sa sanaysay na ito.

Pagkatapos ay ikukumpara ang mga benepisyo ng gig work sa mga suliraning dulot nito, paano ito naging kaparehas at/o kaiba sa karanasan ng Pilipinas at ng ibang bansa. Mula sa pagsusuri ng kaugnay na mga pag-aaral ay masasala ang mga isyung lapat sa karanasan at kapakanan ng mga delivery rider sa Pilipinas. Sa huling bahagi ay titingnan kung mainam at sapat bang solusyon ang Labor Advisory No. 14-21 ng Kagawaran ng Paggawa at Empleyo (DOLE) bilang tugon ng pamahalaan sa panawagang mapabuti ang kapakanan ng mga delivery rider.

Ang dalawang puntos na nais bigyang-diin sa sanaysay na ito ay nakasalig sa panukalang manifesto na *Democratizing Work*[1] – hindi dapat kaiba ang turing sa gig workers kumpara sa tradisyunal na pagtingin natin sa mga manggagawa. Una, patong-patong ang diskriminasyong maaaring maranasan ng isang delivery rider sa Pilipinas. Ang pagkakaroon ng ganitong mga paghahati-hati ay nagiging daan upang maabuso ang mga manggagawang low-skilled ng digital labor platforms at maging ng mismong kliyenteng kanilang pinagsisilbihan. Ikalawa, mas may lugar para sa pakikibaka at paglaban para sa kapakanan ng mga delivery rider kumpara sa ibang mga gig worker sa kasalukuyan. Ang pagkakaroon ng mga unyon ng delivery rider labas sa online groups ay isang magandang senyales na magbubunga ng mas malawak na pagkilos para sa karapatan ng kanilang pangkat. Sa huli, nais dalhing mensahe ng sanaysay na ito na marapat ang ating mga polisiya ukol sa pagsasaayos ng gig economy ay nakatuon sa mas malawak at makatarungang pagpapaunlad ng mga karapatan ng mga manggagawang Pilipino.

## Kaugnay na Literatura

### Ang mundo ng gig

Hiniram ang salitang "gig" sa industriya ng musika. Katulad ng isang mang-aawit o manunugtog na sumasalang sa nakatakda o scheduled

1 Nabuo ang global manifesto na ito sa gitna ng pandemya dahil na rin sa paghahati-hati ng mga manggagawa sa pagitan ng essentials at hindi, mga kaugnay na isyu ukol sa kapakanan at karapatan ng maraming manggagawa, lalong higit ang kabilang sa impormal na ekonomiya.

performance, gayundin ang isang gig worker. Nangangahulugan ito na isang “short-term, on-demand, occasional, and typically task-based labour (Tan, et al., 2021).” Ang karaniwang trabaho o proyekto ay hinahati-hati sa mas maliliit na gampanin upang matugunan ang takdang oras o deadline. Maaari rin itong tawaging “freelancer,” “self-employed,” “independent,” o “online worker.”

Kadikit din ang gig work ng lumalalim na globalisasyon ng trabaho at mas episyenteng paggamit ng teknolohiya (Graham & Anwar, 2019; Rodino-Colocino & Kumanyika, 2021). Inilalarawan ito ngayon na planetary labor market kung saan nagiging masusing tulay ang digital technologies upang mabilis na mailipat ang ilang trabaho mula sa mauunlad na bansa tungo sa papaunlad pa lamang na mga ekonomiya. Dati ay outsourcing o offshoring ang tawag sa ganitong proseso – inililipat ng mga kumpanyang karaniwang nagmumula sa kanluran ang mga trabahong tulad ng transcription, pagsagot sa customer calls, o pagmomonitor ng sales sa mga pisikal na kumpanya sa Pilipinas. Sa ngayon, mas marami nang maaaring ibigay na trabaho – data entry, virtual assistance, project management, tutorials, at iba pa, at hindi kakailanganin ng opisina dahil maaari itong gawin sa bahay.

Dalawa ang uri ng gig work ayon sa mga pag-aaral: crowdsourced micro-work at worker-on-demand via apps (De Stefano, 2016). Ang crowdsourced micro-work ay mga trabahong makukuha sa isang online job portal/ platform. Ang trabaho ay bahagi ng isang mas malaking proyekto o output. Microtasks ang tawag dito. Sa online nagsisimula at nagtatapos ang trabaho ayon sa takdang oras o timeline. Ang worker-on-demand na gig worker naman ay gumagawa ng mga trabahong mediated o pinapangasiwaan ng isang digital labor platform. Ibibigay ang kliyente online pero pisikal na gagampanan ang trabaho sa nakatakdang oras, karaniwan ay sa loob lamang ng ilang minuto.

Positibo ang naratibo ukol sa gig work, anumang uri ito, kaya’t nakakahalina ang magtrabaho sa ganitong industriya (Payoneer, 2019; Villena, 2020). Hayag sa mga patalastas ng mga digital platform ang potensyal na laki ng kita sa gig work, lalo’t mababawasan ang karaniwang gastusin tulad ng pagkain sa labas at pamasahe o gasolina dahil madalas ay maaaring magtrabaho sa loob ng bahay. Dahil na rin sa mga mobile restriction na dulot ng pandemya, mas pinipili ng mga trabahante ang ganitong uri ng trabaho (Tudy, 2021). Angat kasi dito ang pangakong makakapagtrabaho kahit anong oras at lugar basta’t may internet connection. Hawak ng manggagawa ang kontrol sa kung paano niya gagamitin ang

kanyang panahon (Gaduena, Caboverde, & Flaminiano, 2022). Pabor itong lalo na sa mga mas batang manggagawa na malaki ang pagpapahalaga sa pagsasarili at flexibility.

Sa parehas na pagsasaliksik, makikita rin ang mga kaakibat na suliranin ng gig work. Nariyan ang abuso at eksploytasyon sa mga manggagawa lalo't ginagamit ang teknolohiya upang sukatin ang kakayanan at kalidad ng trabaho ng isang gig worker (Ofreneo, 2018; Tan, et al., 2021). Gumagamit ng algorithm at big data upang epektibong makapaglagay ng performance metrics at saka nito ilalagay ang komisyon o sahod ng trabahante (Wood, Graham, Lehdonvirta, & Hjorth, 2019a; Wood A. J., Graham, Lehdonvirta & Hjorth, 2019b). Maaari rin silang maging buntunan ng diskriminasyon at pandaraya ng mga kliyenteng kanilang nakuha – hindi nagbabayad ng maayos, masakit magsalita, hindi maayos kausap, o sadyang walang pakialam sa kapakanan ng manggagawa basta't makuha ang ipinagawang task o output (Binghay, Lu, & Lu, 2022; Panaligan & Curran, 2022; Fairwork PH, 2022; Garcia, Barrameda, Pacis, & Barrameda, 2020).

Ang pisikal na kalusugan at pag-iisip ng mga manggagawa ay maaari ring maapektuhan ng patuloy na pagtatrabaho sa gig economy. Dahil madalas na nakaupo at nakaharap sa kompyuter o selpon ang mga gig worker, madalas silang magkaroon ng mga problema sa katawan tulad ng pagsakit ng balakang at likod, malabo o irritated na mga mata, pagkabingi, at pagtaas ng timbang. Makikita rin ang ilang mga problema tulad ng kalungkutan at social isolation dahil madalas ay wala silang kasamang katrabaho (Soriano, 2021; Soriano & Cabanes, 2020). Madalas din silang tampulan ng mga tanong ukol sa pagiging lehitimo ng kanilang trabaho dahil hindi ito pasok sa nakasanayan (Tudy, 2021). Dahil sa bahay o sa hindi kumbensyunal na lugar ang trabaho, kung minsan ay nahihirapan ding lagyan ng hangganan ang oras ng trabaho at ang maaaring epekto nito sa ilang personal na suliranin sa propesyunal na gampanin.

**Gig Pilipinas at trabahong "pwede na?"**

Ang mga talastas nitong mga benepisyo at hamon ay marapat na suriin sa itsura ng gig work sa kabuuan ng gig economy at relatibo sa karanasan ng Pilipinas bilang isa sa mga pangunahing bansa para sa gig work sa buong mundo. Sa isang banda, hindi naman iisa ang mukha ng gig work kaparehas ng tradisyunal na trabaho, kaya't maaaring iba't iba rin ang turing at katotohanan ng mga pangakong benepisyo at kaakibat na hamon

nito. Sa kabilang banda, ang natatanging karanasan ng Pilipinas ang siyang magpapasubali sa tila masaya at makulay na mundo ng gig.

Sa isang bansang mabagal ang paglikha ng empleyo tulad ng Pilipinas, madaling solusyon ang pagpaparami ng oportunidad na kumita sa pamamagitan ng gig work. Low-hanging fruit ito kumbaga. Kung dami lamang ng trabaho ang hangad, di hamak na madaling makamit ito sa pamamagitan ng pagpapalawak ng gig economy. Mura pa rin ang bayad sa mga manggagawang Pilipino kumpara sa mga nasa ibang bansa, pagkatapos ay ang likas na kakayahan ng maraming Pilipino na magsalita ng Ingles. Kaya naman sa bahagi ng pamahalaan, madaling ibenta ang naratibong ito sa mga banyagang kumpanya at namumuhunan. Hindi rin mahihirapan ang pamahalaang humikayat ng mga Pilipinong magtatrabaho rito. Daragdagan na lamang ng iba pang skill kaugnay ng digital literacy at muli nanamang makakabuo ng isang “world-class service worker” ang Pilipinas. Kung kaya’t ang OFW ngayon ay hindi na lamang “overseas Filipino worker,” sila ay “online freelance worker” na rin (Soriano & Cabanes, 2020; Soriano & Cabanes, 2019).

Walang malinaw na datos ang pamahalaan ukol sa totoong dami ng gig worker sa bansa (Velasco, 2023; Esguerra, 2019). Maaaring sila ay nakatala sa Integrated Survey on Labor and Employment (ISLE) bilang non-regular worker – aabot ito ng halos 1.2 hanggang 1.6 milyon o 3.0 hanggang 4.2 porsyento ng kabuuang empleo sa Pilipinas. Hindi pa kasama rito ang maliliit na negosyo. Hindi malinaw kung nakakuha sila ng trabaho sa pamamagitan ng digital labor platform. Ang iba ay maaaring nakatala bilang self-employed o freelancers.

Sa kabila nito, tangan pa rin ng pamahalaan ang positibong pangako ng gig economy. Kaya naman sa pamumuno ng Kagawaran ng Teknolohiyang Pang-impormasyon at Komunikasyon (DICT), inilunsad noong 2018 ang “digitaljobsPH.” Isa itong programang humihikayat sa mga kabataan na magkaroon ng skills upang makapagtrabaho sa digital industry. Maaari itong magamit sa kumpanyang business process outsourcing (BPO) o sa iba pang uri ng gig work.

Pinatitingkad ng ganitong pananaw ang dalawang puntos: una ay ang malabnaw na pagtingin ng pamahalaan sa gig economy dahil hindi lapat ang tugon nito sa karanasan ng maraming Pilipinong gig worker, at ikalawa ay kung paanong ang inisiyatiba ng pamahalaan ukol sa gig economy ay mahinang tugon sa kakulangan ng trabaho sa bansa at kabuuang pag-unlad ng paggawa sa Pilipinas. Parehas itong sinasaknong ng sinasabi

ni Cecilia Uy-Tioco (2019) na "good enough work" o "trabahong pwede na." Sinasalamin ng pananaw na ito ang nagpapatuloy na kalagayan ng manggagawang Pilipino – kasali ka sa digital labor, sa gig economy, ngunit ang kadalasang trabahong makukuha mo ay tingi-tingi o nakaayon sa mababang lugar ng iyong bansa sa kabuuang herarkiya ng pandaigdigang ekonomiya.

Kaya naman sa unang puntos, malabnaw ang pag-intindi sa karanasan dahil nakasentro ang pamahalaan sa monolitikong pagtingin sa gig work. Basta't online, nakalagay sa isang digital platform ang trabaho, gamit ang kompyuter o selpon sa paggawa, sapat na itong masabi na gig work. Tulad ng nasabi sa literatura (Wood, Graham, Lehdonvirta, & Hjorth, 2019a; Wood, Graham, Lehdonvirta, & Hjorth, 2019b; Velasco, 2023; Soriano, 2021; Garcia, Barrameda, Pacis, & Barrameda, 2020; Fairwork PH, 2022; Tan, et al., 2021; Wood & Lehdonvirta, 2021), maraming uri ng gig work at hindi lahat ito ay may pantay na karanasan at benepisyo. Gayundin, iba't iba ang suliranin at porma ng abusong kanilang nararanasan. Maaaring maging positibo at sabihing nais ng pamahalaan na ang kanilang programa ay nakatuon sa high-skilled na gig work upang mahikayat ang marami na mamuhunan at paunlarin ang kanilang kakayanan. Ngunit hindi maiiwasang tingnan ang kalidad ng gig work – marami rito ay pansamantala at walang pagkakataon para sa manggagawa na ma-promote o mapaunlad ang kanilang kakayahan.

Sa mga pag-aaral, makikita ang mga pagkakapareho at pagkakaiba ng mga karanasan at suliraning kinakaharap ng mga gig worker sa ibang panig ng mundo at sa Pilipinas (Soriano & Cabanes, 2020; Uy-Tioco, 2019; Wood, Graham, Lehdonvirta, & Hjorth, 2019a; Wood, Graham, Lehdonvirta, & Hjorth, 2019b; Panaligan & Curran, 2022; Chen & Soriano, 2022; Wood & Lehdonvirta, 2021). Isang malinaw na isyu dito ay ang patuloy na kawalan ng kasigurahan sa kalagayan ng mga gig worker. Hindi sigurado ang kanilang sweldo at kapakanan kumpara sa isang pormal na empleo. Wala ring nakasaad na mga proteksyon para sa kanilang mga karapatan kaya naman madalas silang napagsasamantalahan, lalo na kung mula sila sa isang papaunlad na bansa tulad ng Pilipinas.

Isang halimbawa ang karanasan ng online English tutors na nakakaranas ng diskriminasyon. Sa pag-aaral nina Panaligan at Curran (2019), tila mabenta ang mga Pilipino bilang online English teachers pero kaakibat nito ang sinasabing "discounted nativeness." Kailangang makuha mo ang native accent na natural sa mga Amerikano o mga taong bata pa lamang ay Ingles na ang wikang ginagamit. Hadlang ang itsura

dahil malalamang hindi native speaker ang nagtuturo kaya't kadalasan ay boses lamang ang ginagamit o di kaya'y binibigyan ang mga tagapagturo ng Ingles na pangalan (hal. Angelica Smith, David Jones, etc.). Mababa ang tingin sa mga Pilipino kaya't discounted din ang bayad sa kanila kahit parehas sila ng galing at oras na binubuno ng mga banyagang tagapagturo. Napagsasabihan din sila ng masasakit na komento lalo na kapag nakita ang kanilang mga mukha.

Sa pagtatasa, masasabing precarious o precariat ang mga gig worker sapagkat short-term ang kanilang kontrata, walang malinaw na benepisyo o social protection na nakukuha, at madalas na nakadepende ang kanilang sahod sa dikta ng algorithm. Ngunit kung babalikan ang pagpapaliwanag ni Ronaldo Munck (2013), makikitang nakahugpong ang kawalan ng kasiguruhan ng gig work sa matagal nang karanasan ng mga papaunlad na bansa, kabilang ang Pilipinas: "from a Southern perspective, work has always-already been precarious (p. 752)" – kaya't walang bago. Maaaring itanong kung bakit hindi ito bago samantalang nito lamang nagsimula ang pagkakaroon ng digital labor platform. Kadikit kasi ang karanasan ng mga gig worker sa dalawang realidad ng paggawa sa Pilipinas – ang paglawak ng informal sector at ang patuloy na flexibilization ng trabaho sa lumiliit na "organized sector" ng ating ekonomiya (Ofreneo R. E., 2013). Paliwanag ni Ofreneo (2013) at ng iba pang pag-aaral sa istruktura ng trabaho sa bansa, bunga ang impormalidad ng hindi pantay na paglago ng ekonomiya at ang mahinang kakayahan ng estado na gumawa ng maayos at disenteng trabaho para sa lumalaking populasyon, na siya namang tumatawid sa mga usaping tulad ng kontraktwalisasyon o "endo", flexibilization, outsourcing o offshoring, at sa kasalukuyan ay pagkakaroon ng gig (Hewison & Kalleberg, 2012; Cristobal & Resurreccion, 2014).

Kaya naman dikit ito sa ikalawang puntos. Hindi lamang mahina ang kabuuang inisyatibo ng pamahalaan ukol sa gig economy, manhid dito itong tugon sa kakulangan ng trabaho sa bansa at sa kabuuang pag-unlad ng paggawa sa Pilipinas (Ofreneo, 2013; Fairwork PH, 2022; Garcia, Barrameda, Pacis, & Barrameda, 2020; Soriano, 2021; Velasco, 2023; Uy-Tioco, 2019). Basta mayroong maibigay na trabaho, hindi alintana ang kalagayan, kapakanan, at kabuuang kalidad nito, ay sapat na para sa ordinaryong Pilipino. Makakatulong na ito para may maidagdag sa pangkain araw-araw at pambayad ng renta sa bahay. Siguro'y malaki-laki ito para sa iba kung malaking gig ang nakuha, pero hindi na ito inuusisa pa ng pamahalaan basta't maraming trabaho para sa lahat. Ang katotohanan ay mas maraming Pilipinong gig workers ang nagtatrabaho labas sa kompyuter at aircon na mga kwarto, ang tatas sa wikang Ingles ay sandata ng banyaga upang

tuluyang mang-abuso, at ang ipinagmamalaking algoritmo ay mekanismo upang patuloy na pababain ang sahod ng manggagawang Pilipino.

Nagagamit ang pagrarason na bago ang merkado upang maging ganito lamang ang tugon ng pamahalaan (Velasco, 2023). Nababawasan din ang ngipin ng batas na dapat sana'y nagagamit upang mapangalagaan ang mga kapakanan at karapatan ng lahat ng kaugnay sa industriyang ito. Kapag hindi naisaayos ay ipagpapatuloy lamang ng gig work ang kawalan ng kasigurahan sa trabaho dito sa bansa, lalong lalaki ang puwang para sa iba pang uri ng kahirapan at di pagkakapantay-pantay sa lipunan, isang dahilan upang patuloy na abusuhin ang Pilipinong gig worker dahil 'sanay naman sila sa ganitong karanasan.'

**Metodolohiya**

Nilagom ng unang bahagi ang konsepto ng gig economy, ang mga isyung nakapalibot dito, at ang kung paano ito nagaganap sa Pilipinas. Nais pa nating tasahin ang mga isyung ito, hindi lamang dahil sa dulot nito sa kabuuang ekonomiya at istruktura ng trabaho sa bansa, kundi lalong higit ay dahil may mga taong naaapektuhan nito sa ating bansa. Sinundan ng sanaysay na ito ang naunang pagtatala na ginawa ng mga iskolar mula sa Oxford University (Tan, et al., 2021). Sinuri nila ang ethical debate ukol sa gig economy sa Kanluraning pananaw sa pamamagitan ng systematic literature review. Ang metodolohiyang ito rin ang ginamit sa pagtatasang ito.

Dalawang baitang ang pagsasala ng mga literaturang sinuri sa pag-aaral. Iterative ang pagsasala, ibig sabihin ay binalikan ng makailang ulit upang masegurong sapat ang mga napiling literatura para sa layunin ng sanaysay. Gamit ang search engine na Google Scholar, hinanap ang lahat ng mga literaturang nakatuon sa "gig economy" "Philippines," samantalang pandagdag na search query ang salitang "experiences." Sa tulong ng Boolean operators (i.e., AND, AND/OR, OR) ay napadali ang paghahanap ng mga literaturang magagamit sa pagtatasa.

Sa ikalawang hakbang, sinala naman ang mga literatura ayon sa taon ng pagkakalathala nito – mula 2019 hanggang sa kasalukuyan (i.e., limang taong agwat), pagkatapos ay nilinis ang listahan para sa mga umulit na pamagat. Sa kabuuan ay nakakuha ang pag-aaral ng 20 na mga literatura. Magkakasama rito ang mga ulat mula sa pamahalaan, mga pribadong think tank, internasyonal at/o lokal na mga organisasyon, at ang mga pag-aaral mula sa mga akademiko. Hindi kasama rito ang mga blogpost at lathalang opinyon at balita. Lima (5) rito ay report o ulat na ginawa ng mga pribadong


think tank, internasyonal at/o lokal na mga organisasyon, 13 ang pag-aaral na nakalathala sa mga academic journal, at dalawa (2) naman ay pag-aaral na nakalathala sa isang in-edit na bolyum o libro.

Ang huling bahagi ng pagsusuri ay nakatuon sa pagsala ng mga isyu ayon sa karanasan ng mga delivery rider dito sa bansa. Gagamitin ang mga naging obserbasyon mula rito upang mailapat ang karaniwang isyung kinakaharap ng ganitong uri ng mga gig worker. Pagkatapos ay itatahi ito sa pinal na pagsusuri sa nilalaman ng DOLE Labor Advisory No. 14-21 o "Working Conditions of Delivery Riders in Food Delivery and Courier Activities."

**Pagsusuri at Analisis**

**Loc ni rider? Isang pagmamapa**

May level ang mga uri ng trabaho sa mundo ng gig. Dalawang mahalagang dimensyon ang binibigyang-diin dito. Una, "depth of digital mediation" o ang lalim ng kaugnayan ng nasabing gig work sa digital platform upang maisakatuparan ang trabaho. Mas malalim ang digital mediation kung ang kabuuan ng trabaho ay nagsisimula at natatapos sa isang digital platform; habang mababaw naman kung may physical component ito. Ikalawang level ang "extent of gig worker independence" na tumatalakay naman sa autonomy, flexibility, at skill utilization ng isang manggagawa.




Pagmamapa ng gig work sa Pilipinas. Gamit ang balangkas mula sa literature at kaugnay na pag-aaral, ginamit natin ang iba't ibang paglalarawan ng gig work upang mabuo ang kasalukuyang itsura nito sa bansa. Gumamit ng dalawang element: una ay ang lalim ng digital mediation, at ikalawa ang hangganan ng kalayaan ng isang gig worker (pumapatungkol ito sa awtonomiya, pagiging flexible ng trabaho, at kalayaang gamitin at linangin ang expertise o skills.

- PROJECT-BASED GIGS. Pinaka-flexible at mas malawak ang awtonomiya ng gig worker dahil ang pangunahing kailangan ay mabigay ang nais ng kliyente. Nakatuon ito sa specialized skills o expertise tulad ng graphic illustration, project management, multimedia effects o translation.
- CROWD-SOURCED MICRO WORK. Flexible, may awtonomiya ngunit maraming bahagi ng trabaho ay kontrolado ng algorithm; kadalasan ay microtasks ang uri ng gawain, kasama sa mas malaking proyekto. Madalas makakuha ng ganitong gig sa digital platforms tulad ng Mechanical Turk at TaskRabbit; halimbawa nito ang data entry, typing, at virtual assistant.
- REGULAR, ESTAB-BASED GIGS. Hindi gaanong flexible at autonomous; kailangan ng sapat na skill upang makakuha ng regular na gig. Halimbawa nito ang online English tutor o guro.
- WORK-ON-DEMAND. May kaunting flexibility, hindi gaanong autonomous; digitally mediated ang gawain ngunit kailangan ng pisikal na paggawa upang makumpleto ang task; mababang uri ng skills ang kailangan at madaling mapalitan ang manggagawa. Halimbawa nito ang delivery rider, taga-linis, food runner, o iba pang uri ng errand worker.
- NON-REGULAR, ESTAB-BASED GIGS. Casual na empleyo, kadalasan ay mga panandaliang trabaho o internship na walang bayad; maaari ding contractual work. Halimbawa ay janitorial service, security service.

Sariling likha ng manunulat. Mga batis: Tan et al (2020), Soriano and Cabanes (2020), Panaligan and Curran (2022), and Esguerra (2019).

Nakalarawan ito sa ibaba. Gamit ang nauna nang pagkakategorya nina De Stefano (2016), Tan et al (2021), itinambal ito sa naging paghahambing naman ni Esguerra (2019) at ang bagong porma ng brokerage na inaral ni Soriano (2021), upang mas maipakita ang kalagayan ng gig economy sa Pilipinas. May limang (5) kategoryang nakamapa rito: (1) non-regular, establishment-based gigs; (2) worker-on-demand; (3) regular, establishment-based gigs; (4) crowd-sourced micro-work, at (5) project-based gigs. Ipapaliwanag ang pagkakaiba nila sa sumusunod na mga pangungusap.

Autonomous ang gig worker kung mas kaunti ang monitoring mechanisms para makumpleto ang kanyang trabaho; may kalayaan siyang mabuo ang sinang-ayunang output ayon sa sarili niyang diskarte at pagtantya. Dahil dito, mas may flexibility ang gig worker na magamit ang kanyang oras sa paraang mas makakatulong sa kanya. Maaari siyang magtrabaho nang lampas sa walong oras sa loob ng tatlong araw upang matapos ang isang gig, pagkatapos ay magtrabaho na lamang ng apat na oras sa nalalabing dalawang raw dahil naipasa na niya ang hinihinging output. Nakikita rin sa dimensyong ito ang lawak ng kakayahan o skills na maaaring magamit ng gig worker upang magampanang maigi ang kanyang trabaho.

Maaaring tingnan din dito ang level of complexity ng trabaho. Kapag mas espesyal o mataas ang iyong skill, maaaring dahil ito ay isang niche na trabaho, may kahanga-hangang portfolio, at/o magandang reputasyon sa mga naunang kliyente, mas nagkakaroon ng kalayaan ang manggagawa na mamili ng gig na gagawin at kumita ng mas malaki. Kapag mas karaniwan naman ang trabaho at maaari siyang mapalitan ng iba pang tao na magagawa rin ang kasalukuyan niyang gig, bumababa ang independence ng gig worker.

Kumpara ngayon sa iba, isa ang delivery rider sa mga low-skilled na trabaho. Maituturing na isang uri ng work-on-demand gig ang pagiging delivery rider (De Stefano, 2016; Tan, et al., 2021; Mieruch & McFarlane, 2022). Isa itong trabahong nakukuha sa digital labor platforms ngunit kailangan itong matapos sa pamamagitan ng pisikal na paggawa (Fairwork PH, 2022). Ganito ang kadalasang proseso: may ispesipikong digital labor platform ang isang kumpanya, halimbawa ay GrabFood/Express, Angkas, Mr. Speedy, Lalamove, na may layuning mabilisang pagtagpuin ang mga mamimili o kliyente (mga customer) at nagbebenta (mga delivery rider). Nakalagay sa digital labor platform ang utos o task na dapat gawin ng delivery rider para sa kliyente tulad ng pagbili ng pagkain o gamot, o pagpapadala ng dokumento o gamit.

Matatapos ang transaksyon kapag pisikal na naisagawa ang task. Maaaring bigyan ng rating ng kliyente ang rider, pinakamataas na ang five stars para sa mainam na trabaho at pinakamababa naman ang one star, na halos katumbas ng isang complaint o reklamo. May kalayaan din ang kliyente na ikansel ang serbisyo, maglagay ng komento o feedback, o hindi kaya'y magpasa ng reklamo ukol sa ugali at/o kalidad ng serbisyong ibinigay ng rider. Madalas itong makikita sa dulo ng transaksyon. Kung nasiyahan naman ay maaaring magbigay ng tip sa rider o di kaya'y isabay siya sa kabuuang order ng pagkain (para ito sa mga food delivery platforms tulad ng GrabFood at FoodPanda).

Kung susundan ang pagmamapang ito, paano ngayon ito nagbubunga ng suliranin para sa mga delivery rider? Nakaayos pa rin ang trabaho ayon sa kakayahan (skill) at kahusayan (merit) ng isang tao. Hindi ito naiiba sa mga trabahong tradisyunal at hindi digitally mediated. Wala naman ding dapat masama dito dahil marapat na mekanismo ito ng pagkakapantay-pantay. Ngunit sa mundo ng gig, lalong higit sa mga delivery rider, nagagamit ito bilang sukatan ng kanilang sahod at kapakanan.

Sa pagsasalarawan at mga pag-aaral, maoobserbahang mas maalwan ang karanasan ng mga nagtatrabaho sa project-based gigs at crowd-sourced micro-work kumpara sa mga nagtatrabaho sa regular, establishment-based gigs at mga worker-on-demand tulad ng mga delivery rider. Mas madali kasing mapalitan ang mga nasa huling nabanggit na kategorya kumpara sa nauna dahil maraming may ganitong skill o madali itong matutunan. Mas may kumpetisyon ngayon sa para sa iilang trabaho. Dahil nga rin paulit-ulit ang ganitong uri ng mga trabaho kumpara sa dalawang naunang kategorya na nangangailangan ng higher-level skills, madali ngayon para sa mga digital labor platform na gamitin ang big data upang masukat ang performance at i-monitor ang paggalaw ng mga trabahante. Wala na ring pagkakataon para sa profesional promotion kaya ang mga insentibo at dagdag na benepisyo ay naikukubli ng performance metrics sa tulong ng algorithmic control.

**Lugi si rider sa Gig Pilipinas**

Katulad ng nabanggit sa kaugnay na literatura, lumilitaw ang mga hindi magandang karanasan ng pagiging gig worker. Nakasentro ang usapin sa kalagayan ng mga project-based gig workers, crowd-sourced micro-workers, at mga nagtatrabaho sa regular, establishment-based gigs. Halimbawa nito ay mga data entry specialists, virtual assistants, at project managers. Karanasan dito ito ng ilang online tutors at language tutors.

Sakit at pagod naman ang kalaban ng mga delivery rider. Sa pag-aaral nina Binghay, Lu at Lu (2020), walang mainam na proteksyon para sa mga delivery rider lalo na sa kasagsagan ng pandemya. Bihira ang tulong sa pagpapapagamot at hindi rin sila kadalasang nakakaliban dahil na rin sa performance metrics na susukat ng kanilang trabaho at kita. Sa ulat naman ng Fairwork PH (2022), hindi patas ang kondisyon sa trabaho ng maraming delivery rider. Halos tatlo lamang ang mga digital labor platforms na nakatutugon sa batayang pangangailangan ng mga delivery rider, habang ang natitirang anim pang sinuri ay walang malinaw na polisiya para protektahan ang kanilang manggagawa. Hindi maitatanggi kung bakit naging maugong ang mga desisyon ng dalawang magkaibang korte pabor sa kalagayan ng mga delivery rider (De Santos, 2023; Abad, 2023).

Lumalala ngayon ang abusong nararanasan ng isang delivery rider, batay sa pagmamapang ginawa ng pag-aaral na ito: una ang kontrol mula sa algoritmo at precarity ng kanyang trabaho, at ikalawa ay wala itong malinaw na rekurso upang maprotektahansiya mula sa iba't ibang sakit at panganib na kaakibat ng kanyang trabaho. Walang iisang tugon ang mga digital labor platform ukol dito. Ngunit nakatutuwang isipin na may ilang delivery rider na ang organisado bilang isang unyon (Ordonez, 2023). Marami na ring social media pages o groups na naglalagom sa kanilang mga karanasan at nagsisilbi ring grievance mechanism sa kasalukuyan.

Ang pagkakaroon ng mga ganitong espasyo online ay katulad ng binabanggit nila Cheryll Soriano at Jason Cabanes na “entrepreneurial solidarities” (Soriano & Cabanes, 2020). Nagagamit ito para makiisa sa karanasan ng ibang kasamang delivery rider, at matuto ng ilang tips upang mapalakas pa ang kanilang serbisyo. Sa isang banda, mainam na plataporma ito kung pagdaramayan ang bibigyang-diin. Pero kung bibigyang-halaga ang pagpapabuti ng kanilang kalagayan, kinakailangang lumabas sa online spaces at tumungo sa totoong pag-oorganisa. Ito ang naging obserbasyon ng mga manunulat sa kalagayan ng project-based at crowd-sourced micro-work gig workers. Ang kinahinatnan ng tugon ay sabay-sabay na lamang nating bakahin ang mga karanasan sa pamamagitan ng pagdamay at pagtulong na makahanap ang argabyadong kasama ng gig sa mas maayos na kliyente, ayon sa pag-aaral nila Soriano at Cabanes (2020) – kumbaga, surface-level lamang ang pagtutol.

Sa ibang ulat, may mga organisadong pangkat na rin para sa ganitong uri ng mga gig worker. Nariyan ang Filipino Online Professional Service

Cooperative (FOPSCo) na binuo para sa mga freelancers, trainers, online business owners, at mga gradweyt ng DigitalJobsPH na programa ng pamahalaan (FOPSCo, 2023). Mas nakatuon ito sa pag-angkop kaysa mas masikhay na pakikibaka laban sa mga hindi patas na kalagayan ng mga gig worker. Mas nangingibaw ang ganitong kaisipan sa hanay ng mga delivery rider. Marahil mas malalim at marahas ang kanilang karanasan kaya't mas mabilis silang nakonsolida bilang isang organisasyon. Maaari ring dahil ito sa tingkad ng mga pagsubok na kanilang kinakaharap at gayundin ang mga taong nais silang tulungang makaalpas sa ganitong di pantay na sitwasyon kaya't naging tagumpay ang pag-uunyon.

Ilan sa mga nabuong pangkat o samahan ng mga delivery rider ang mga sumusunod: Bukluran ng Manggagawang Pilipino, malawak na samahan ng mga manggagawa mula sa tradisyunal, pormal, inpormal, at gig na uri ng trabaho; United Delivery Riders of the Philippines (RIDERS) na nagsimula sa lungsod ng General Santos at ninanais na maging pambansang unyon ng mga delivery rider (Rebollido, 2022); Brotherhood of Two Wheels (Kagulong), at ang Iloilo Grab Riders Union (Garcia A. , 2022).

Maikling panahon pa lamang silang nabuo at gumagalaw, pero marami-rami na silang nagawa. Pangunahin dito ang mga malawakang protesta sa ilang malalaking lungsod sa bansa, gayundin ang patuloy na panawagan sa pamahalaan na mapabuti ang kanilang kalagayan. Ang dalawang kasong pabor sa pagsasaayos ng kapakanan ng mga delivery rider ay tagumpay ng kanilang hanay. Malayo pa ang gampanin upang mas mapaunlad ang kanilang kapakanan, ngunit sapat na makitang mayroong materyal na kaganapan para sa ikabubuti ng mga delivery rider. Maaari nitong pigilan ang paglala ng paulit-ulit na abuso at eksploytasyon laban sa kanila.

## Labor Advisory No. 14-21, #SulitDeal nga ba para kay rider?

Kaugnay sa naunang bahagi ng pag-aaral na ito, mapapansin na mismong mga gig worker ang gumagawa ng sariling paraan upang mapagaan ang kanilang kalagayan – halimbawa na rito ang pagkakaroon ng mga social media group, message / support boards, at unyon. May ilan ding inisyatibo mula sa digital platform tulad ng mga insentibo o pakikipag-ugnayan sa mga delivery rider (halimbawa na rito ang paglalagay ng tipping option sa delivery o "food for your driver" option sa bawat order).

Taliwas ito sa tugon ng pamahalaan na reactive. Malinaw sa maraming pampublikong usapin na hindi maayos ang kalagayan ng mga delivery rider, ngunit hinintay muna ng DOLE na umusad ang kaso bago gumawa ng aksyon ukol dito. Sa isang banda ay maigi ito upang magamit ang desisyon ng Korte Suprema sa pagporma ng magiging batas na tatalakay at poprotekta sa mga delivery rider. Sa kabilang banda ay sinasabing case-to-case basis ang aplikasyon nito kaya mainam talagang mapag-usapan at maging mas aktibo sa pakikinig sa mga karanasan ng mga delivery rider at ng mga platform.

Matagal ang pagbuo ng mga polisiya lalo na sa mga may kaugnayan sa teknolohiya. Marahil ay hindi natin ito gaanong kabisado o sadyang hindi alam kung paano ito epektibong tutugunan ay lalagyan ng polisiya. Sa kalagayan ng gig economy, mas madali rin kasing ipanukalang maging matatag sa trabaho at magtiis sa kalagayang kinakaharap kung para sa pamilya at sarili naman ito, kaysa tuluyang wakasan ang mga mas malalim na ugat ng di pagkakapantay-pantay at kawalan ng kaseguruhan para sa mga manggagawa. Kaya hindi nakapagtatakang tumatawid ito mula sa tradisyunal tungo sa digital na uri ng paggawa, mula sa pormal tungo sa inpormal at/o gig na trabaho.

Inilalahad sa Labor Advisory No. 14-21, "Working Conditions of Delivery Riders in Food Delivery and Courier Activities" na inilabas ng DOLE noong Hulyo 23, 2021, ang marapat na kapakanan at karapatan ng mga delivery rider mula sa mga food at courier digital delivery platform. Tugon ito sa maraming reklamo ukol sa hindi magandang kalagayan ng mga delivery rider. May lima itong bahagi: una ay ang layunin at saklaw nito, sumunod ay ilang mga terminong dapat bigyang kahulugan, pagkatapos ay mga prinsipyong saligan ng pagiging empleyado o hindi ng isang delivery rider, mga inaasahang benepisyo at mainam na kondisyon nila sa trabhaho, at pagsasagawa ng polisiya.

Marapat na tingnan ang ikatlo hanggang ikalimang bahagi ng Labor Advisory. Ang kawalan ng malinaw na employee-employer relationship ang madalas na dahilan kung bakit hindi maayos ang kapakanan ng mga gig worker. Kliyente ang kanilang kausap kaya't hindi maaaring singilin ang mga digital labor platform para sa kanilang sahod at benepisyo. Kaya makikita sa ikatlong bahagi ng Labor Advisory na maaaring gamiting basehan ng relasyon sa pagitan ng delivery rider at digital labor platform ang tatlong establisadong prinsipyo sa ating batas. Una dito ang four-fold test na inilalarawan ang apat na rekisito para sa isang matibay na employer-

employee relationship. Ikalawa ang economic reality test na siya namang nagsasabi kung gaano kahalaga ang trabahong ginagampanan ng isang manggagawa upang magpatuloy ang isang hanapbuhay o kumpanya. Huli ang independent contractor test – maituturing na independent contractor ang isang manggagawa kung kakaiba ang skill nito at walang malinaw na kontrol ang kumpanya, kliyente o platform sa kabuuang paggawa nito.

Sa ikaapat na bahagi nakasaad ang lahat ng benepisyong maaaring makuha ng isang delivery rider na may malinaw na employer-employee relationship sa kanyang digital labor platform. Bukod sa maayos na sahod at ilan pang benepisyo, karapatan din ng delivery rider ang magkaroon ng seguridad sa trabaho, ibig sabihin ay hindi siya basta mapapaalis sa trabaho nang walang maayos na dahilan, lumahok sa unyon at iba pang organisasyon, at makibahagi sa collective bargaining. Kung sila naman ay ituturing na independent contractor, may garantiya pa rin sa pagsasaayos ng kanilang kapakanan. May mga probisyon ito ukol sa patas na pagpapasahod, pagsunod ng mga digital platform sa pambansang pamantayan ukol sa malusog at ligtas na pagtatrabaho, at paglalagay ng mga designated waiting area para sa mga delivery rider sa bawat lungsod at/o tindahang kanilang sineserbisyuhan.

Hindi maituturing na sulit deal ang Labor Advisory No. 14-21. Una, kinakailangang malinaw kung ano nga ba ang turing sa isang delivery rider – siya ba ay manggagawa ng kumpanya o independent contractor nito? Sa pagtuturing ay makikita kung ano nga ba ang halaga ng isang delivery rider sa kumpanya. Kung susundin ang tatlong prinsipyong gagamitin para sa employment relationship, malinaw na sa bawat isang pagsusulit na ito ay may employer-employee relationship ang delivery rider at ang digital platform na pinagsisilbihan niya. Ang paggamit ng algoritmo upang piliin ang mga rider, paggamit ng performance metrics upang maging basehan ng kanilang sahod, pagkasuspindi o pagkatanggal sa trabaho ay isang uri ng kontrol. Hindi rin mabubuo ang business model ng mga digital labor platform kung wala ang mga delivery rider – walang tutugon sa tasks mula sa mga kliyente dahil wala mismong bibili ng pagkain o magdadala ng mga dokumento. Nagkataon lamang na hindi ito parehas ng tradisyunal na hiring process, pero ang pagbubukas ng kanilang platform para sa application ng rider ay katumbas na nito. Hindi natin masasabing independent contractor ang isang delivery rider dahil hindi naman special o unique skill ang pagmamaneho ng motor, maraming maaaring gumawa ng ganitong trabaho at maaari rin silang mapalitan. Sa huli, malinaw ang lakas ng kontrol at pagmo-monitor ng mga digital labor platform sa kabuuang paggawa ng isang delivery rider.

Kaugnay sa unang puntos, ang kawalan ng linaw sa uri ng relasyon sa pagitan ng digital labor platform at delivery rider ang siya ring butas na ginagamit upang baliin ang batas pabor sa malalaking platform. Nababawasan ang ngipin ng batas upang panagutin ang maaaring maging abuso sa mga delivery rider at hindi rin nila ngayon makuha ang inaasam na mas maayos na kalagayan sa buhay dahil lugi sila mismo sa trabahong kanilang pinaghihirapan.

**Tungo sa sulit at makatarungang gig work**

Tinalakay ng sanaysay ang pagpapakahulugan ng gig economy, kung paano itong kaparehas at kaiba sa kalagayan ng ibang mga bansa relatibo sa karanasan ng Pilipinas, at ano ang mga benepisyo at suliraning kaharap nito. Malinaw sa usapin na hindi lamang usapin ng kawalan ng kaseguruhan ang pagsali sa gig economy, kundi salamin ito ng sanga-sangang isyung kaharap ng bansa.

Sa pagtatapos at pagbibigay ng rekomendasyon, nais nating gamiting sandigan ang manifesto na nabuo ng ilang iskolar na babae sa kabila ng pandemic: *Democratizing Work* (#DemocratizingWork, 2020). Nakasaad dito na hindi dapat gamiting tanging panukat ng kalagayan at kapakanan ng tao ang mga puwersa ng merkado dahil ito ay hindi makatarungan at nagpapalala ng di patas na pagtingin sa mga tao. Hindi rin ito makakabuti sa kalikasan na nais nating protektahan dahil sa lumalalang pagbabago ng klima dulot ng walang habas na pagkamal ng yaman ng tao, at gayundin ang kabuuang kalusugan ng bawat isa. Ang gig economy sa bansa ay hindi labas sa usaping ito, lalong higit nating dapat makita na ito mismo ang mga pagbabago sa merkado at mundo ng paggawa na marapat bantayan at sikaping hindi malunod sa komodipikasyon. Nakikita na natin ang ilang sintomas nito kaya't marapat na manaliksik at umaksyon na ang pangunahing adyenda ay gawin itong maayos at makatarungang uri ng trabaho para sa maraming Pilipino.

Narito naman ang ilang kongkretong suhestyon na nakatuon sa pagpapasimula ng mas masikhay na pagtugon sa mga suliranin at karanasan ng mga delivery rider at ng gig economy sa kabuuan.

1. **Ang tugon ng pamahalaan ay marapat na mapaunlad at hindi dapat na humangga sa iisang Labor Advisory.** Maaaring makatulong ang dalawang desisyon ng magkaibang korte upang

maiporma ang mga batas, ngunit mas mainam kung makikinig ito sa karanasan mismo ng mga delivery rider at iba pang stakeholder; pagkatapos ay dito huhugot ng mas lapat na mga probisyon ng batas. Mahalaga ang gampanin natin dito bilang isang advocate sa pamamagitan ng Center for Labor and Industrial Relations. Maaaring gawing pangunahing lugar ng pananaliksik ang temang ito.

2. **Bumuo ng isang database para sa mga nagawang pag-aaral ukol sa mga delivery rider mula sa mga iskolar ng pamantasan.** Magagamit ang database na ito upang mas mapalawak pa ang pag-aaral at matasa pang higit ang mga isyung kaakibat ng gig work. Maaaring nakatuon mismo sa karanasan at kalagayan ng mga delivery rider, ngunit hindi rin masama kung lalawakan ito upang tingnan din ang kalagayan ng iba pang uri ng gig worker. Kaugnay ng unang suhestyon, magagamit ang mga makukuhang pag-aaral sa database upang makapag-ambag ang mga iskolar ng pamantasan sa mas malawak na paggawa ng polisiya at adbokasiya na sumusuporta sa kapakanan ng mga delivery riders, ng gig workers sa kabuuan.

3. **Magkaroon ng kongkretong proyekto ang pamantasan kaugnay sa pag-oorganisa ng mga delivery rider at pagbibigay sa kanila ng kaalaman ukol sa kanilang mga karapatan at rekurso sa batas.** Hindi hiwalay ang mga manggagawa ng PUP sa mga delivery rider dahil isa ito sa mga madalas ding gumamit ng kanilang serbisyo. Ilan sa mga maaaring kongkretong gawin ay ang pagkakaroon ng designated waiting area para sa mga delivery rider, pagkatapos ay gamitin itong paraan upang makausap sila at malaman ang kanilang kalagayan. Mula rito ay maaari na ring makapagsimulang maorganisa ang mga delivery rider, mabigyan sila ng maiikling seminar upang matutunan nila ang kanilang mga karapatan at rekurso sa batas. Mas magiging lapat din sa kanilang karanasan ang ating mga pag-aaral kung may malinaw tayong touchpoint o pakikipag-ugnayan sa kanila sa pamamagitan ng ganitong kongkretong proyekto.

Sa kabuuan ng pagsasaliksik, malinaw ang lundo ng gig economy: hindi bago ang karanasang ito sa kabuuang mundo ng paggawa sa Pilipinas. Isa itong hugpong sa patuloy na kawalan ng kaseguruhan sa trabaho dito sa Pilipinas. Hindi ito naiiba sa suliraning kaharap ng mga kontraktwalisado o ng mga nasa inpormal na ekonomiya – walang malinaw na lugar para

sa Pilipinong manggagawa kahit gaanong pagsisikap ang iyong ginagawa. Kaya naman walang lugar ang band aid solution na ibinabandera ng pamahalaan sa kasalukuyan dahil palalalimin lamang nito ang mga sugat na pilit ginagamot ng mga manggagawang Pilipino. Kung talagang seryoso ito, at gayundin tayo, sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga gig worker, lalong higit ng mga delivery rider, marapat na matuto tayong makiramay sa kalagayan nila at gumawa ng mga kongkretong hakbang na magpapabuti ng kanilang kalagayan katulad ng kung paano tayo makibaka para sa ating sariling kapakanan. ###

## Mga Sanggunian

____. (2020). Manifesto Work: Democratize, Decommodify, Remediate. Retrieved from Democratizing Work : https://democratizingwork.org/ na-akses Marso 15, 2023.

Abad, M. (2023, January 21). Supreme Court rules in favor of illegally dismissed Lazada riders. Rappler. https://www.rappler.com/nation/supreme-court-ruling-illegally-dismissed-lazada-riders/ na-akses Marso 15, 2023.

Bacelonia, W. (2022, October 4). Clamor rises to increase benefits of delivery riders, freelancers. Philippine News Agency. https://www.pna.gov.ph/articles/1185279 na-akses Marso 22, 2023.

Binghay, V. C., Lu, S., & Lu, J. (2022). Work, Health, and Safety Conditions of Delivery Riders in the Philippines during Covid-19 Pandemic. Acta Medica Philippina, 56(19), 79-86.

Caboverde, C., & Flaminiano, J. (2022). Future-proof? The experiences of gig economy workers in the Philippines. Makati: AIM Rizalino S. Navarro Policy Center for Competitiveness.

Chen, J., & Soriano, C. R. (2022). How Do Workers Survive and Thrive in the Platform Economy? Evidence from China and the Philippines. In M. Graham, & F. Ferrari, Digital Work in the Planetary Market. Cambridge and London: The MIT Press.

Chrisden Cabrera Ditiangkin, Hendrix Masamayor Molines, Harvey Mosquito Juanio, Joselito Castro Verde, and Brian Anthony Cubacub Nabong Vs. Lazada E-Services Philippines, Inc., Allan Ancheto, Richard Delantar and Jade Andrade, GR No. 246892 (Supreme Court January 17, 2023).

CNN Philippines Staff. (2023, January 21). Supreme Court sides with dismissed Lazada riders. CNN Philippines. http://www.cnnphilippines.

com/news/2023/1/21/Supreme-Court-sides-with-dismissed-Lazada-riders.html na-akses Marso 15, 2023.

Cristobal, M. A., & Resurreccion, E. R. (2014). De-confusing contractualization: defining employees engaged in precarious work in the philippines. 88 PHIL L.J., 342-374.

De Santos, J. (2023, January 22). Unions: Delivery riders and WFH staff need more protection, louder voice in welfare decisions. PhilStar Global. na-akses Marso 15, 2023.

De Stefano, V. (2016). The rise of the "just-in time workforce": On-demand work, crowdwork and labour protection in the "gig economy". Geneva: International Labour Organization.

Esguerra, E. F. (2019). Automation, gigs, and other labor market tales: the Philippines in the Fourth Industrial Revolution. The Philippine Review of Economics, 56(1-2), 187-218.

Fairwork PH. (2022). Towards Fair Labor Conditions in the Philippine Platform Economy: Philippines Ratings 2022. Manila: Fairwork Philippines.

FOPSCo. (2023). About FOPSCo. Retrieved from Filipino Online Professional Service Cooperative: https://fopsco.ph/

Gaduena, A., Caboverde, C., & Flaminiano, J. (2022). Telework Potential in the Philippines. The Economic and Labour Relations Review, 33(2), 434-454.

Garcia, A. (2022, November 29). Delivery Drivers Launch Union in the Philippines. Retrieved from Solidarity Center: https://www.solidaritycenter.org/iloilo-city-grab-delivery-riders-launch-union-for-delivery-riders-in-the-philippines/ na-akses Marso 15, 2023.

Garcia, L., Barrameda, T., Pacis, J., & Barrameda, A. (2020). Digitization and Domestic Work: The Policy Environment in the Philippines. Manila: IT for Change.

Graham, M., & Anwar, M. (2019). The global gig economy: Towards a planetary labour market. First Monday.

Hewison, K., & Kalleberg, A. L. (2012). Precarious Work and Flexibilization in South and Southeast Asia. American Behavioral Scientist, 57(4), 395-402.

Mieruch, Y., & McFarlane, D. (2022). Gig Economy Riders on Social Media in Thailand: Contested Identities and Emergent Civil Society Organizations. Voluntas: International Journal of Voluntary and Nonprofit Organizations.

Munck, R. (2013). The Precariat: a view from the South. Third World Quarterly, 34(5), 747-762.

Ofreneo, R. E. (2013). Precarious Philippines: Expanding informal sector, "flexibilizing" labor market. American Behavioral Scientist, 57(4), 420-443.

Ofreneo, R. E. (2018, August 16). Rise of freelance work force. BusinessMirror. https://businessmirror.com.ph/2018/08/16/rise-of-freelance-work-force na-akses Marso 15, 2023.

Ordonez, J. (2023, January 4). NLRC affirms ruling declaring foodpanda delivery riders in Davao City as regular employees. BusinessWorld. https://www.bworldonline.com/the-nation/2023/01/04/496573/nlrc-affirms-ruling-declaring-foodpanda-delivery-riders-in-davao-city-as-regular-employees/ na-akses Marso 15, 2023.

Panaligan, J., & Curran, N. (2022). "We are cheaper, so they hire us": Discounted nativeness in online English teaching. Journal of Sociolinguistics, 26, 246-164.

Payoneer. (2019). The Global Gig-Economy Index. Payoneer.

Philstar. (2022, November 7). Senator urges better protection for gig workers after death of delivery rider. Philstar.com. https://www.philstar.com/headlines/2022/11/07/2222125/senator-urges-better-protection-gig-workers-after-death-delivery-rider#:~:text=Senator%20urges%20better%20protection%20for%20gig%20workers%20after%20death%20of%20delivery%20rider,-Philstar.com&text=MANILA%2C%20Philippines%20%E2%80%94%20Sen.,while%20resting%20on%20his%20motorcycle na-akses Marso 22, 2023.

Rebollido, R. (2022, August 16). GenSan delivery riders form union to fight abuse. MindaNews. https://www.mindanews.com/top-stories/2022/08/gensan-delivery-riders-form-union-to-fight-abuse/ na-akses Marso 22, 2023.

Rodino-Colocino, M., & Kumanyika, C. (2021). We Are All Gig Workers. In B. Dolber, M. Rodino-Colocino, C. Kumanyika, & T. Wolfson, The Gig Economy Workers and Media in the Age of Convergence. Routledge.

Royandoyan, R. (2023, January 5). Ruling favoring dismissed Foodpanda riders spotlights need to protect gig workers. Philstar.com. https://www.philstar.com/business/2023/01/05/2235545/ruling-favoring-dismissed-foodpanda-riders-spotlights-need-protect-gig-workers#:~:text=The%20NLRC%20ruled%20that%20Foodpanda,complainants%2C%20totaling%20P222%2C346.68 na-akses Marso 22, 2023.

Soriano, C. R. (2021). Digital labour in the Philippines: emerging forms of brokerage. Media International Australia, 179, 23-37.

Soriano, C. R. (2021). Digital Platform Labor in the Philippines: Emerging Configurations and Policy Implications. Japan Labor Issues, 5(32).

Soriano, C. R., & Cabanes, J. A. (2019). Between “world-class work” and “proletarianized labor”: Digital labor imaginaries in the global South. In E. Polson, L. Clark, & R. Gajjala, The Routledge Companion to Media and Class. New York: Routledge.

Soriano, C. R., & Cabanes, J. A. (2020). Entrepreneurial Solidarities: Social Media Collectives and Filipino Digital Platform Workers. Social Media + Society, 1-11.

Tan, Z., Aggarwal, N., Cowls, J., Morley, J., Taddeo, M., & Floridi, L. (2021). The ethical debate about the gig economy: a review and critical analysis. 65 Technology in Society, 29.

Tudy, R. A. (2021). From the corporate world to freelancing: the phenomenon of working from home in the Philippines. Community, Work and Family, 24(1), 77-92.

Uy-Tioco, C. (2019). ‘Good enough’ access: digital inclusion, social stratification, and the reinforcement of class in the Philippines. Communication Research and Practice.

Velasco, B. B. (2023). Using Marx to Understand the Working Class in the Philippines. Philippine Journal of Public Policy.

Villena, D. (2020). The State of Non-traditional Work in the Philippines Filipino Online Freelancers Policies for Implementation. Manila: DeiVille.com.

Wood, A. J., & Lehdonvirta, V. (2021). Antagonism beyond employment: how the ‘subordinated agency’ of labour platforms generates conflict in the remote gig economy. Socio-Economic Review, 19(4), 1369-1396.

Wood, A. J., Graham, M., Lehdonvirta, V., & Hjorth, I. (2019). Good Gig, Bad Gig: Autonomy and Algorithmic Control in the Global Gig Economy. Work, Employment and Society, 33(1), 56-75.

Wood, A. J., Graham, M., Lehdonvirta, V., & Hjorth, I. (2019). Networked but Commodified: The (Dis)Embeddedness of Digital Labour in the Gig Economy. Sociology, 53(5), 931-950.